**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-26 NG ENERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. NARCISO O. INFANTE.............. PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Heidi S. Ciriaco................ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas............... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez.............. Kagawad
Kgg. Celestino D. Pamatmat........... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison................ Kagawad
Kgg. Miguel M. Asinas................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limiuco............. Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Jeffrey A. Villasenor........... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 006-T'98

KAPASIYANG IPINAAABOT SA PAMBASANG PANGASIWAAN SA PATUBIG (NIA) ANG KARAINGAN NG MGA MAGSASAKANG KASAPI NG SCRISIA (SANTA CRUZ RIVER IRRIGATION SYSTEM IRRIGATORS ASSOCIATION) HINGGIL SA KAKAPUSAN SA PATUBIG O TUBIG-IRIGASYON.

**SAPAGKA'T,** ang ating bansa sa kasalukuyan ay nahaharap sa tag-tuyot dulot ng El Niño Phenomenon at ito'y nararanasan na natin ngayon na bumababa na ang reserba ng tubig natin sa mga dam at ilog;

**SAPAGKA'T,** may malaking lupang pansakahan ang Bayan ng Santa Cruz na hindi inaabot ng patubig ng National Irrigation Administration (NIA) at ito'y malaking suliranin ng ating mga magsasaka;

**SAPAGKA'T,** ang mga kagawad ng bayang ito na sina Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan at Kgg. Kag. Louie C. de Leon ay agad nakipag-ugnayan sa mga tauhan ng NIA para ipaalam sa kanila ang suliranin at karaingan ng mga magsasaka kung paano nila mapapaabot o mapaparating sa lupang pangsakahan ng bayan ng Santa Cruz;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na ipaabot sa Pambansang Pangasiwaan sa Patubig (NIA) ang karaingan ng mga magsasakang kasapi ng SCRISIA (Santa Cruz River Irrigation System Irrigators Association) hinggil sa dulot ng kakapusan sa patubig o tubig-irigasyon.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambansang Pangasiwaan ng Patubig (NIA), Santa Cruz River Irrigation System Irrigators Asso. at Pambayang Tanggapan sa Pagsasaka, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

(karugtong ng kapasiyahan Blg. 006-T'98)



**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan